



Essential Plan Sa Isang Sulyap

SINO ANG KWALIPIKADO?

MGA INDIBIDWAL NA:

- Mga residente ng New York State
- Nakatutugon sa mga kinakailangang kita ng Essential Plan
- Legal ang presensiya sa U.S.
- 19-64 na taong gulang
- Hindi kwalipikado sa Medicaid o Child Health Plus
- Hindi kwalipikado para sa saklaw ng employer at iba pang saklaw

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na pederal na batas para sa mga karapatang sibil at mga batas ng estado, at walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pinaniniwalaan/ relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, mga nakahantad na katangiang namana o buhat ng mga gene, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

ANO ANG SINASAKLAWAN?

- Libreng pangangalaga para makaiwas sa sakit
- Inpatient care (Pangangalaga sa pasyenteng kailangang mamalagi sa ospital)
- Outpatient services (Mga serbisyo sa pasyenteng hindi kailangang mamalagi sa ospital)
- Pangangalaga para sa pagbubuntis at bagong silang
- Mga serbisyon pang-emergency
- Laboratoryo at imaging
- Mga inireresetang gamot
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at pagpapagaling
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at para sa karamdamang buhat ng labis na paggamit ng droga
- Mga serbisyo para sa kagalingan at pangangasiwa sa hindi gumagaling na sakit
- Paningin at Ngipin

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

nystateofhealth.ny.gov | 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220

MAGKANO ANG ESSENTIAL PLAN?

MGA PREMIUM: Ang buwanang premium ay \$0 (libre) para sa mga kwalipikado.

COST SHARING (HATIAN SA GASTUSIN): WALANG KINAKALTAS. Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga antas ng cost sharing ng Essential Plan.

COST SHARING PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN	Taunang indibidwal na kita: mababa sa \$12,880-\$19,320	Taunang indibidwal na kita: \$19,321-\$25,760
Buwanang Premium	\$0	\$0
Taunang Kinakaltas	Wala	Wala
Pangangalaga para Makaiwas sa Sakit	Libre	Libre
Pagpapatingin sa Doktor para sa Pangunahing Pangangalaga	\$0	\$15
Pagpapatingin sa Espesyalista	\$0	\$25
Pamamalagi ng Pasyente sa Ospital sa bawat pagpapaospital	\$0	\$150
Outpatient na Pagpapatingin ukol sa Kalusugan ng Pag-uugali	\$0	\$15
Inpatient na Pagbisita para sa Kalusugan ng Pag-uugali sa bawat pagpapaospital	\$0	\$150
Emergency Room	\$0	\$75
Agarang Pangangalaga	\$0	\$25
Pisikal na Therapy, Therapy sa Pananalita, Occupational Therapy	\$0	\$15
COST SHARING PARA SA MGA INIRERESETANG GAMOT	Taunang indibidwal na kita: mababa sa \$12,880-\$19,320*	Taunang indibidwal na kita: \$19,321-\$25,760
Generic	\$1	\$6
Pinipiling Brand	\$3	\$15
Hindi Pinipiling Brand	\$3	\$30
*\$0 para sa mga indibidwal na may kitang mas mababa sa \$12,880.		
COST SHARING PARA SA MGA BENEPISYO UKOL SA NGIPIN AT PANINGIN	Taunang indibidwal na kita: mababa sa \$12,880-\$19,320	Taunang indibidwal na kita: \$19,321-\$25,760
Serbisyo para sa Ngipin at Paningin	\$0	\$0